



**Pagbibigay-alam
sa Pag-aaral ng
Mag-aaral:**

**Impormasyon
para sa mga Magulang
at mga Tagapag-alaga**



Panimula

Noong nasa paaralan ka, ikaw ba ay hinilingan na magmemorya ng impormasyon at ulitin iyon sa isang pagsusulit, upang makalimutan mo lamang iyon pagkatapos? Alam na natin ngayon na ang pag-aaral ay hindi lamang pagmemorya - ito ay ang kakayahan na magamit ang ating nalalaman at i-play ito sa mga tunay na mga tagpuan sa daigdig. Ang mga unibersidad, mga kolehiyo, at mga tagapag-employo sa ngayon ay higit na nag-aalala sa kung paano nag-iisip ang mga mag-aaral kaysa kung ilang mga katotohanan ang kanilang maaaring ulitin.

Ang mga nag-aaral na mag-aaral ngayon ay mas kumplikado higit kailanman. Binago ng British Columbia ang disenyo ng kurikulum ng lalawigan upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral sa ngayon. Ang kurikulum ay patuloy na nagbibigay sa iyong anak ng matibay na pundasyon sa pagbabasa, pagsusulat, at matematika. Pero tinuturuan din nito ang iyong anak kung paano mag-isip, makipag-usap, lumutas ng mga problema, at gamitin ang kanilang kaalaman sa mga paraang mahalaga kapwa sa paaralan at sa mabilis na nagbabagong hinaharap.

Ang bagong kurikulum ay nasa lahat ng mga grado mula noong 2019, subalit ang mga report kard at ang paraan ng pagbibigay-alam sa pag-aaral ng mag-aaral ay talagang hindi nagbago sa loob ng mga dekada. Ang mga report kard ay nagbabago ngayon upang makasunod sa kurikulum at upang matiyak na ang bawat estudyante sa lalawigan ay maitaaga para sa tagumpay sa kanilang pag-aaral.

Maaaring natatandaan mo pa ang pagkuha ng isang letrang marka o porsiyento sa katapusan ng isang kabanata sa iyong aklat-aralin o pagkatapos ng isang pagsusulit, na nagpapahiwatig sa iyo na ang pag-aaral ay natapos na. Alam na natin ngayon na ang pag-aaral ay hindi natatapos kapag ang mga mag-aaral ay nagsumite ng isang takdang-aralin o nakakumpleto ng isang pagsusulit. Alam din natin na:

- ang pag-aaral ng mga mag-aaral ay maaaring ipagbigay-alam sa iba pang mga paraan maliban sa mga letrangnamarka
- ang katugunan ng guro sa edukasyon ng mag-aaral ay makakatulong sa mga mag-aaral na patuloy na matuto
- mas nakikibahagi ang mga mag-aaral kapag may nasasabi sila sa kung paano nila ipinapakita ang kanilang pag-aaral

Iyan ang dahilan kung bakit ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng mga marka sa antas ng kahusayan sa apat na puntong sukatan mula sa Kindergarten hanggang sa Baitang 9. (Ang mga mag-aaral sa Grado 10-12 ay tatanggap pa rin ng letrang marka at porsiyento upang suportahan ang kanilang pagpasok sa post-sekondaryang edukasyon.) At ang pag-uulat para sa lahat ng mga mag-aaral ay magsasama na ngayon ng sariling-pananalamin at pagtatakda ng layunin

Ang mga pagbabagong ito ay nangangahulugan na ang mga report kard ay maaaring hindi kamukha ng kung ikaw ay nasa paaralan. Subalit ang impormasyong matatanggap mo ngayon ay magbibigay ng kumpletong larawan ng kung ano ang maaaring gawin ng iyong anak, kung saan kailangan nilang mapabuti, at kung paano mo susuportahan ang kanilang pag-aaral. Ang pag-uulat sa ganitong paraan ay titiyakin na ang mga mag-aaral ay magtutuon ng pansin sa pag-aaral sa halip na makipagpaligsahan para sa mga marka.

Magbasa pa para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabago na ginagawa sa mga report kard.



Ano ang nasa loob?



1.

Ano ang natututunan ng aking anak?

Isang pangkalahatang-ideya ng kurikulum ng BC, na nagtatakda kung ano ang itinuturo sa iyong anak at tinatasa sa klase

2.

Paano ko malalaman kung ano ang kalagayan ng aking anak?

Isang buod ng kung ano ang maaari mong asahan na makita sa mga report kard ng iyong anak, kabilang ang kung ang iyong anak ay may isang kapansanan o magkakaibang kakayahan

3.

Bakit hindi nakakakuha ng mga letrang marka ang aking anak?

Isang paliwanag ng Panlalawigang Sukatan sa Kagalingan at kung paano ito gagamitin para sa mga mag-aaral sa mga Baitang K-9

4.

Ano ang naglalarawang katugunan?

Isang paglalarawan ng kung ano ang maaari mong asahan sa mga nakasulat na komento na makukuha ng iyong anak sa kanilang mga report kard

5.


Bakit ang aking anak ay sumasalamin sa sarili at nagtatakda ng mga layunin?

Ang kahalagahan ng pagsasalamin sa sarili at mga kasanayan sa pagtatakda ng layunin, at kung paano uunlad ang iyong anak sa mga lugar na ito

6.


Paano ko malalaman na ang aking anak ay nasa landas upang makapagtapos?

Impormasyon tungkol sa iba't ibang mga landas sa pagtatapos sa BC, at kung paano mo maaaring siguraduhin na ang iyong anak ay nasa landas upang makapagtapos





Ano ang natututunan ng aking anak?



Bakit muling idinisenyo ang kurikulum ng BC?

Noong ikaw ay nasa paaralan, ang pag-aaral ay malamang na nagsangkot ng pagmememorya ng impormasyon at ulitin ito sa isang pagsusulit, para lamang makalimutan ito pagkatapos. Alam na natin ngayon na ang mabuting pag-aaral ay hindi lamang pagsasaulo - ito ay ang kakayahan na magamit ang nalalaman natin sa mga tagpuan sa totoong mundo. Mas pinapahalagahan na ngayon ng mga unibersidad, mga kolehiyo, at mga tagapag-employo ang tungkol sa kung paano mag-isip ang mga mag-aaral kaysa sa kung gaano karaming mga katotohanan ang maaari nilang kabisaduhin at maalala.

Ito ang dahilan kung bakit binago ng BC kung ano ang itinuturo sa mga mag-aaral at binabago kung paano sila sinusuri. Inaasahan ng mga magulang at mga tagapag-alaga na matutunan ng kanilang anak ang mga pangunahing kaalaman sa paaralan - pagbabasa, pagsusulat, at matematika. Sa muling idinisenyong kurikulum, nananatiling mahalaga ang mga asignaturang ito, ngunit hindi lamang sila ang mahalagang bahagi ng pag-aaral ng mga mag-aaral.

Ang kurikulum ng BC ay patuloy na magbibigay sa iyong anak ng matibay na pundasyon sa mahahalagang kasanayang ito. Tuturuan din nito ang iyong anak kung paano mag-isip, makipag-usap, lutasin ang mga problema, at gamitin ang kanilang kaalaman sa mga paraan na parehong mahalaga sa paaralan at mahalaga sa isang mabilis na nagbabagong hinaharap.

Kurikulum ng BC

- nagtatakda ng matataas na pamantayan sa pag-aaral
- tumutukoy kung ano ang ituturo sa iyong anak sa bawat baitang
- tinitiyak na ang iyong anak ay magkakaroon ng matibay na pundasyon para sa pagbabasa, pagsusulat, at matematika
- bumubuo ng mga kasanayan sa komunikasyon, pag-iisip, paglutas ng problema, at mga kasanayang panlipunan ng iyong anak
- sinusupportahan ang kagalingan ng iyong anak
- itinatakda ang iyong anak para sa tagumpay sa paaralan at para sa lugar ng trabaho sa hinaharap





Pagtuturo at pag-aaral

Ang silid-aralan ngayon ay iba kumpara noong ikaw ay nasa paaralan. Maaaring natandaan mo ang pagtatrabaho lamang mula sa mga aklat-aralin o "mga worksheet". Natututo na ngayon ang mga mag-aaral sa maraming paraan, kadalasan sa pamamagitan ng mga karanasan sa loob at labas ng silid-aralan. Ipinakikita rin nila ang kanilang pag-aaral sa iba't ibang mga paraan.

Upang suportahan ang kanilang pag-aaral, gumagawa ang mga guro ng mga aralin na nagpapahintulot sa mga mag-aaral na galugarin ang mga paksa at mag-aral ng mahalagang nilalaman. Maaaring obserbahan ng guro ng iyong anak ang mga mag-aaral at makipag-usap sa kanila tungkol sa kung ano ang kanilang natutunan at kung paano nila magagamit ang kanilang pag-aaral. Gagamitin ng guro ang lahat ng impormasyong nakalap nila, kabilang ang gawaing ibinibigay ng iyong anak, upang masuri ang pag-aaral ng iyong anak. Tutukuyin din nila kung saan susunod na pupunta ang iyong anak sa kanilang pag-aaral o kung saan sila maaaring kailanganin magpabuti.

Mga Lugar ng pag-aaral

Ang mga lugar ng pag-aaral ay ang mga paksang ituturo sa iyong anak mula Kindergarten hanggang Baitang 12. Kabilang dito ang Sining sa Wikang Ingles, Français langue premiere, o Français langue seconde, pati na rin ang:

- Inilapat na Disenyo, mga Kasanayan, at mga Teknolohiya (tindahan, pagkain, accounting, programing sa kompyuter, atbp.)
- Edukasyon sa Sining (sayaw, drama, musika, sining, atbp.)
- Edukasyon sa Karera
- Mga Wika (Mga Wika ng First Nations, Pranses, at iba pang mga wika)
- Matematika
- Pisikal at Pangkalusugang Edukasyon
- Agham (agham sa buhay, agham sa kapaligiran, pisika, atbp.)
- Araling Panlipunan (BC First Peoples, batas, kasaysayan ng mundo,
- kasaysayan at kultura ng Francophone, atbp.)

Ang lahat ng mga lugar ng pag-aaral ay mahalaga para sa pagbuo ng mga edukadong mamamayan. Ang natututuhan ng iyong anak sa isang partikular na oras ay depende sa oras ng taon at sa iskedyul na ginagamit ng iyong anak sa paaralan.

Pamantayan sa Pag-aaral

Ang bawat larangan ng pag-aaral ay may mga pamantayan sa pag-aaral na naglalagat ng kung ano ang dapat malaman, magawa, at maunawaan ng iyong anak. Ang mga pamantayan sa pag-aaral ay kung ano ang itinuro sa iyong anak sa bawat antas ng baitang at kung ano ang kanilang sinuri para sa kanilang mga report kard.

Makipag-ugnayan sa amin sa: student.reporting@gov.bc.ca



Mga Pangunahing Kakayahan

Ang Mga Pangunahing Kakayahan ay isinama sa lahat ng mga larangan ng pag-aaral. Sila ang mga kasanayan sa komunikasyon, pag-iisip, at panlipunang kailangan ng iyong anak para maging matagumpay ngayon at sa hinaharap.

Ang mga mag-aaral ay hindi sinusuri ng mga guro sa Mga Pangunahing Kakayahan. Sa halip, ang mga nakasulat na report kard ng iyong anak ay isasama ang kanilang mga pagmumuni-muni sa mga Pangunahing Kakayahan at ang kanilang pagtatakda ng layunin para sa pag-aaral.



Katutubong pag-aaral

Mula kindergarten hanggang baitang 12, ang iyong anak ay magkakaroon ng mga pagkakataong matuto tungkol sa mga pananaw, kasaysayan, at kontemporaryong konteksto ng First Nations sa BC. Ang pag-aaral sa larangan na ito ay susuportahan ang pangmatagalan at makabuluhang pagkakasundo. Magkakaroon din ang iyong anak ng pag-unawa sa mga kultura ng First Nations, Metis, at Inuit sa buong Canada.



Paano ko malalaman kung ano ang kalagayan ng aking anak?



Nagbabago ang paraan ng pagbabahagi sa iyo ng pag-aaral ng iyong anak. Sasabihin sa iyo ng pangkalahatang-ideya kung ano ang maaari mong asahan mula sa report kard ng iyong anak, at mula sa mga pagbabago ng guro.

Gaano kadalas ako makakatanggap ng mga update mula sa guro ng aking anak?

Sa taon ng pasukan, dapat mong asahan na makakita ng 5 mga pagbabago sa pag-aaral tungkol sa iyong anak. Kabilang dito ang 3 nakasulat na mga pagbabago sa pag-aaral (na maaaring magmukhang mga report kard), at 2 impormal na mga pagbabago sa pag-aaral (maaaring kasama ang mga kumperensya sa isang guro, at mga tawag sa telepono o e-mail mula sa isang guro).

Itinakda ng mga paaralan ang iskedyul kung kailan mangyayari ang mga pagbabago sa pag-aaral. Gayunpaman, maaaring makipag-ugnayan sa iyo ang guro ng iyong anak anumang oras.

Kung ang iyong anak ay may Indibidwal na Plano sa Edukasyon [Individualized Education Plan (IEP)], makakatanggap ka ng mga pagbabago sa pag-aaral sa parehong paraan tulad ng ginagawa ng lahat ng iba pang mga magulang at mga tagapag-alaga. Ngunit ang iyong anak ay maaari ding makakuha ng mga karagdagang pagbabago batay sa kanilang IEP.

Ano ang magiging hitsura ng report kard ng aking anak?

Kasama sa bawat nakasulat na pagbabago ang:

- impormasyon sa kung ano ang ginagawa ng iyong anak sa bawat larangan ng pag-aaral
- nakasulat na mga komento (naglalarawang katugunan) sa mga kalakasan ng iyong anak at mga lugar na kailangan nilang pagsikapan, pati na rin ang kanilang mga pag-uugali at gawi sa trabaho
- impormasyon tungkol sa komunikasyon, pag-iisip, at mga kasanayang panlipunan na kailangan ng iyong anak para maging matagumpay (Mga Pangunahing Kakayahan) at ang pagtatakda ng layunin ng iyong anak
- impormasyon tungkol sa pagdalo ng iyong anak

Tandaan: Para sa mga Baitang 10-12, ang huling nakasulat na pagbabago ng taon ng paaralan ay nagsasabi din sa iyo kung ang iyong anak ay nasa landas upang makapagtapos.



Impormasyon para sa mga Magulang at mga Tagapag-alaga

Ang mga marka ng iyong anak (sa sukatan ng kagalingan para sa mga Baitang K-9, at mga letrang grado o mga porsyento para sa mga Baitang 10-12) ay batay sa pag-aaral na ipinakita nila sa bawat paksa.

Mga letrang grado at mga porsyento

Kung ang iyong anak ay nasa mga Baitang 10-12, makakatanggap sila ng mga letrang grado at mga porsyento. Ang mga mag-aaral ay kasalukuyang nangangailangan ng mga letrang grado at mga porsyento para sa paglipat sa post-sekondaryong edukasyon.

Ang Panlalawigang Sukatan ng Kagalingan

Kung ang iyong anak ay nasa mga Baitang K-9, hindi mo makikita ang mga letrang grado sa kanilang report kard. Sa halip, makikita mo ang impormasyon kung nasaan ang iyong anak sa Panlalawigang Sukatan ng Kagalingan. Ginagamit ng sukatan ang mga terminong "Umuusbong," "Umuunlad," "Mahusay," at "Lumalawak" upang ilarawan ang pag-aaral ng mag-aaral. Ang sukatan ay nagpapanatili ng mataas na mga pamantayan para sa pag-aaral ng mag-aaral.

Umuusbong	Umuunlad	Mahusay	Lumalawak
Ang umuusbong ay nangangahulugan na ang iyong anak ay nagsisimulang nang maunawaan ang isang bagay sa isang lugar ng pag-aaral. Nag-aaral pa rin sila ngunit maaaring mangailangan ng higit pang suporta para magpatuloy. Ang Umuusbong ay hindi nangangahulugan na ang iyong anak ay hindi matagumpay sa lugar na ito.	Nangangahulugan ang Umuunlad na nauunawaan ng iyong anak ang ilang mga bagay sa isang larangan ng pag-aaral ngunit mayroon pa ring iba pang mga lugar na dapat gawin. Tulad ng Umuusbong, hindi ito nangangahulugan na ang iyong anak ay hindi matagumpay sa lugar na ito.	Mahusay ang layunin para sa iyong anak. Ito rin ang layunin para sa lahat ng mga mag-aaral. Kapag ang iyong anak ay Mahusay, nangangahulugan ito na lubos nilang naiintindihan ang kinakailangang pag-aaral. Ngunit hindi ito nangangahulugan na ang kanilang pag-aaral ay humihinto.	Ang Lumalawak ay kapag ang mga mag-aaral ay nagpapakita ng mas malalim na pag-unawa. Ito ay kapag nagagamit ng iyong anak ang kanilang pag-aaral sa bago at iba't ibang mga paraan. Ang Lumalawak ay hindi layunin para sa lahat ng mga mag-aaral sa bawat larangan ng pag-aaral.

Paglalarawan ng Katugunan

Makakatanggap ka ng mga nakasulat na komento na malinaw na nagpapaliwanag kung nasaan ang iyong anak sa kanilang pag-aaral at anumang mga lugar na kailangan nilang gawin. Ang mga komento ay magiging maikli at madaling maunawaan.

Mga ugali at gawi sa trabaho

Mahalagang tandaan na ang pagmamarka at pag-uulat ay hindi mga kagamitan ng pagdidisiplina. Ang impormasyon sa mga ugali at gawi sa trabaho ng iyong anak ay nasa nakasulat na mga komento sa report kard ng iyong anak. Dapat ipaalam sa iyo at sa iyong anak ng mga guro ang tungkol sa anumang mga alalahanin bago ka makatanggap ng nakasulat na ulat.

Anong impormasyon ang matatanggap ko sa Mga Pangunahing Kakayahan at pagtatakda ng layunin para sa aking anak?

Kasama sa mga nakasulat na ulat ng iyong anak ang kanilang pagmumunimuni sa mga Pangunahing Kakayahan at ang kanilang pagtatakda ng layunin.

Ang pagmumuni sa sarili ay kapag ang iyong anak ay nag-iisip nang malalim tungkol sa mga kasanayang nabuo niya at kung paano niya patuloy na pinabubuti ang mga kasanayang iyon.

Isasalamon ng iyong anak ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon, pag-iisip, at panlipunan (Mga Pangunahing Kakayahan). Kapag ang iyong anak ay sumasalamin sa mga kakayahan, sila ay aktibong nakikibahagi sa kanilang pag-aaral.

Ang iyong anak ay magtatakda din ng mga layunin. Habang nagtatakda sila ng mga layunin at nagsusumikap para sa kanila, magsisimulang hubugin ng iyong anak ang kanilang kinabukasan. Kapag nahaharap sila sa isang problema, matututunan nila kung paano maghanap ng mga malikhaing solusyon, sa halip na hindi makausad.

Pagdalo

Ang mga nakasulat na ulat ng iyong anak ay magsasama ng rekord ng pagdalo. Ang pagdalo ay hindi nakakaapekto sa mga marka ng iyong anak, ngunit ito ay nakakaapekto sa kanilang pag-aaral. Dapat ipaalam sa iyo ng mga guro ang tungkol sa anumang mga alalahanin sa pagdalo ng iyong anak.

Paano ko malalaman na ang aking anak ay nasa landas upang makapagtapos?

Kung ang iyong anak ay nasa mga Baitang 10-12, makakakuha siya ng update sa katayuan ng pagtatapos sa kanilang huling nakasulat na ulat ng taon ng paaralan. Titiyakin nito na ang iyong anak at ikaw ay may impormasyong kailangan mo para magplano para sa pagtatapos at matugunan ang anumang mga alalahanin nang maaga.



Impormasyon para sa mga Magulang at mga Tagapag-alaga

Paano kung ang aking anak ay may magkakaibang kakayahan o kapansanan?

Ang bawat mag-aaral ay natatangi at natututo sa kanilang sariling paraan, kaya naman nagsisikap ang mga guro upang matiyak na ang bawat mag-aaral ay makakalahok at makakapag-ambag sa lahat ng aspeto ng buhay paaralan. Tinitiyak ng magkakaiba at napapabilang na mga silid-aralan na ang bawat bata ay tinatanggap at sinusuportahan sa kanilang pag-aaral, anuman ang kanilang mga kakayahan. Ang mga silid-aralan ay idinisenyo upang ma-akses ng mga mag-aaral upang ang iyong anak ay lumaki, matuto at magtagumpay.

Kung ang iyong anak ay may mga partikular na pangangailangan sa pag-aaral at nangangailangan ng karagdagang suporta, hindi siya awtomatikong bibigyan ng Umuusbong, Umuunlad, o mas mababang letra na marka sa kanilang report kard. Ang kanilang report kard ay magsasama ng isang markang nakabatay sa pag-aaral na kanilang ipinakita at nakasulat na mga komento kung saan sila susunod na pupunta sa kanilang pag-aaral.

Kung ang iyong anak ay isang Mag-aaral ng Wikang Ingles, isang Mag-aaral ng wikang Pranses sa isang Francophone na programa, o may kapansanan o magkakaibang kakayahan, susuportahan sila sa bawat hakbang ng paraan. Sa oras ng report kard, matatanggap ng iyong anak ang kanilang report kard kasabay ng kanilang mga kapantay.

Maaari bang gumamit ang aking anak ng mga kagamitan at mga diskarte upang suportahan ang kanilang pag-aaral?

Gumagamit ang lahat ng mga mag-aaral ng mga kagamitan at mga estratehiya upang suportahan ang kanilang pag-aaral, hindi lamang ang mga mag-aaral na may Indibidwal na Planong Pag-aaral [Individual Education Plan (IEP)] o isang Taunang Plano sa Pag-aaral (AIP). Kung gumagamit ang iyong anak ng isang partikular na kagamitan o diskarte, tulad ng paggamit ng pagsasalita-patungong-teksto (speech-to-text) o pagbibigay ng pasalitang pagtatanghal sa halip na kumuha ng isang pagsusulit, ang kanyang mga marka ay hindi negatibong maaapektuhan.

Ang mga uri ng suporta na matatanggap ng iyong anak ay depende sa kanilang mga pangangailangan at maaaring hindi itala sa kanilang report kard. Sa halip, makikita mo ang impormasyong ito sa kanilang IEP, AIP, at/o ibang dokumentong ginawa ng paaralan.



Paano kung ang aking anak ay isang Mag-aaral ng Wikang Ingles?

Kung ang mga kasanayan sa wikang Ingles ng iyong anak ay nagpapahirap sa kanila na ganap na ipakita ang kanilang pag-aaral, maaaring hindi sila bigyan ng isang marka. Sa halip, ang kanilang mga report kard ay magkakaroon ng nakasulat na mga komento na naglalarawan kung ano ang magagawa ng iyong anak at mga lugar na maaari nilang gawin habang umuunlad ang kanilang mga kasanayan sa wikang Ingles.

Kapag ang iyong anak ay may mga kasanayan sa Ingles na nagpapahintulot sa kanila na ipakita ang kanilang pag-aaral, bibigyan sila ng tagapagpahiwatig ng Sukatan ng Kagalingan o mga markang titik at mga porsiyento sa kanilang report kard.



Paano kung ang aking anak ay sinuri lamang sa kanilang mga layunin sa IEP?


Sa pangkalahatan, sinusuri ang mga mag-aaral sa Mga Pamantayan sa Pag-aaral ng kurikulum. Karamihan sa mga mag-aaral na may IEP ay tinasa sa

Mga Pamantayan sa Pag-aaral. Napakakaunting mga mag-aaral ang susuriin sa mga layuning nakabalangkas sa kanilang IEP sa halip na sa Mga Pamantayan sa Pag-aaral. Sa mga pagkakataong ito, maaaring may mga ilang paksa pa rin, tulad ng klase sa sining o gym, kung saan susuriin pa rin ang iyong anak sa Mga Pamantayan sa Pag-aaral ng kurikulum.

Dapat mong malaman na ang isang marka ay hindi maaaring gamitin kapag ang iyong anak ay sinusuri lamang sa kanilang mga layunin sa IEP. Ang kanilang report kard ay magsasama pa rin ng mapaglarawang katugunan na naglalarawan kung ano ang magagawa ng iyong anak at ang mga lugar na ginagawa pa rin nila.



Bakit hindi nakakakuha ng mga letrang marka ang aking anak?



Bakit lumipat sa Sukatan ng Kagalingan?

Noong ikaw ay nasa paaralan at ibinalik ng guro ang isang pagsusulit o takdang-aralin, malamang na lahat ng tao sa klase ay nagmamadaling ihambing ang kanilang mga marka. Hinikayat ng mga marka ang paghahambing sa halip na pagtutuon sa natututuhan ng mga mag-aaral.


Kung ang iyong anak ay nasa mga Baitang K-9, hindi mo makikita ang mga letrang grado sa kanilang report kard. Sa halip, makikita mo ang impormasyon kung nasaan ang iyong anak sa Panlalawigang Sukatan ng Kagalingan. Ang sukatan ng kagalingan ay ginagawang pokus ang pag-aaral kaysa sa paghahambing sa iba.

Ang sukatan ng kagalingan ay nagpapaalam sa iyo kung nasaan ang iyong anak sa kanilang pag-aaral, at kung ano ang kailangan nilang gawin. Kasama ng impormasyong ibinigay ng sukatan ng kagalingan, makakatanggap ka ng mga nakasulat na komento mula sa guro ng iyong anak upang mabigyan ka ng higit pang impormasyon tungkol sa kung ano ang magagawa ng iyong anak.

Kung ang iyong anak ay nasa mga Baitang 10-12, patuloy mong makikita ang mga letrang marka at mga porsyento. Makakakita ka rin ng mga nakasulat na komento dahil ang mapaglarawang katugunan ay magiging bahagi na ngayon ng lahat ng mga report kard sa mga Baitang K-12.

Sa mga baitang K-9 ang sukatan ng kagalingan:

- nagpapanatili ng matataas na pamantayan
- ginagawang pokus ang pag-aaral
- ipinapakita sa iyo kung nasaan ang iyong anak
- ipinaalam sa iyo kung ano ang kailangan pang gawin ng iyong anak
- tumutulong sa mga mag-aaral na ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral, kahit na matapos ibalik ang mga takdang-aralin at matanggap ang mga report kard
- may isang lugar para sa lahat ng mga mag-aaral





Ang Panlalawigang Sukatan ng Kagalingan

Umuusbong

Umuunlad

Mahusay

Lumalawak

Ano ang sinasabi sa akin ng sukatan tungkol sa pag-aaral ng aking anak?

Ang mga mag-aaral ay pumapasok sa paaralan na nalalaman ang iba't ibang mga bagay. At ang mga bagay na alam nila ay humuhubog sa susunod nilang pag-aaralan.

Ang iyong anak ay malamang na umuusbong o umuunlad sa iba't ibang mga panahon sa taon ng paaralan at sa iba't ibang mga larangan ng pag-aaral. Ngunit hindi sila palaging magsisimula sa Umuusbong o Umuunlad sa simula ng taon ng pag-aaral. At hindi lang sa pagtatapos ng taon ng paaralan na sila ay makakarating sila sa Mahusay.

Ang Mahusay ay hindi nangangahulugang humuhinto ang pag-aaral. Kung ang isang bata ay nagsimula sa Mahusay na pag-unawa o nakarating sa Mahusay sa panahon ng taon ng paaralan, ang layunin para sa kanila ay palawakin ang kanilang pag-aaral.



Umuusbong

Ang Umuusbong ay hindi nangangahulugan na ang iyong anak ay hindi matagumpay sa isang lugar ng pag-aaral. Nangangahulugan ito na nagsisimula silang maunawaan ang isang bagay. Nag-aaral pa rin sila ngunit maaaring mangailangan ng higit pang suporta para magpatuloy.

Umuunlad

Tulad ng Umuusbong, ang Umuunlad ay hindi nangangahulugan na ang iyong anak ay hindi matagumpay sa isang lugar ng pag-aaral. Nangangahulugan ito na naiintindihan nila ang ilang mga bagay ngunit mayroon pa ring iba pang mga lugar na dapat gawin.

Mahusay

Mahusay ang layunin para sa iyong anak. Ito rin ang layunin para sa lahat ng mga mag-aaral. Kapag ang iyong anak ay Mahusay, nangangahulugan ito na lubos nilang naiintindihan ang kinakailangang pag-aaral. Ngunit hindi ito nangangahulugan na ang kanilang pag-aaral ay humihinto.

Lumalawak

Ang Lumalawak ay kapag ang iyong anak ay nagpapakita ng isang mas malalim na pag-unawa at naisasagawa ang kanilang pag-aaral sa bago at iba't ibang mga paraan. Ang Lumalawak ay hindi layunin para sa lahat ng mga mag-aaral sa bawat larangan ng pag-aaral.



Ano ang Paglalarawang Katugunan?



Bakit napakahalaga ang mapaglarawang katugunan mula sa mga guro?

Ang mapaglarawang katugunan ay ang mga nakasulat na komento na makikita mo sa report kard ng iyong anak. Ang mapaglarawang katugunan ay mahalaga para sa lahat ng mag-aaral sa lahat ng baitang, mula Kindergarten hanggang Baitang 12.

Sa mga Baitang K-9, ang iyong anak ay maaaring makakuha ng "Mahusay" sa matematika at "Umuunlad" sa Ingles. Sa unang tingin, maaari mong ipalagay na ang iyong anak ay "magaling" sa matematika at "masama" sa Ingles. Ngunit hindi ito ang kaso. Ang lahat ng mga mag-aaral ay may parehong mga kalakasan at mga lugar na patuloy nilang pinagsisikapan.

Sa mga Baitang 10-12, ang mga letrang marka at mga porsyento lamang ay hindi magbibigay ng buong larawan kung sino sila bilang isang mag-aaral. Dito pumapasok ang mapaglarawang katugunan. Bibigyan ka ng mga guro ng nakasulat na katugunan na malinaw na nagpapaliwanag kung ano ang magagawa ng iyong anak. Sasabihin din nito sa iyo kung ano ang kailangang gawin ng iyong anak para sumulong sa kanilang pag-aaral.

Mapaglarawang Katugunan:

- nagsasabi sa iyo kung ano ang magagawa ng iyong anak
- nagsasabi sa iyo kung ano ang kailangang gawin ng iyong anak
- nagsasabi sa iyo kung paano nakikipag-ugnayan ang iyong anak sa silid-aralan
- nagbibigay ng mga estratehiya upang matulungan ang iyong anak na palawakin ang kanilang pag-aaral



Impormasyon para sa mga Magulang at mga Tagapag-alaga



BRITISH
COLUMBIA

Impormasyon tungkol sa kung ano ang magagawa ng iyong anak

Ang pag-aaral ay nangyayari sa iba't ibang mga bilis para sa iba't ibang mga mag-aaral. Malinaw na ipapaliwanag sa iyo ng report kard ng iyong anak kung ano ang magagawa ng iyong anak at kung ano ang kailangan nilang gawin sa bawat lugar ng kanilang pag-aaral. Ang mapaglarawang katugunan ay ang maikling nakasulat na mga komento mula sa guro na nagpapaliwanag sa mga kasalukuyang lakas sa pag-aaral ng iyong anak at pag-uugali sa silid-aralan.




Impormasyon tungkol sa mga gawi at gawi sa trabaho ng iyong anak

Ang mga marka ng iyong anak (sa sukatan ng kagalingan, o mga letrang marka at mga porsyento) ay nagpapakita ng kanilang pag-aaral sa bawat lugar. Kasama sa mga nakasulat na komento ang impormasyon sa mga gawi at pag-uugali sa trabaho ng iyong anak.

Ang pagmamarka at pag-uulat ay hindi mga gamit sa pagdidisiplina. Halimbawa, ang mga mag-aaral ay hindi maaaring mawalan ng 10% ng kanilang grado para sa hindi pagdadala ng mga damit na pang-gym sa klase, at hindi sila maaaring tanggalan ng mga marka bilang parusa sa pagiging huli.


Ngunit ang pag-uugali sa paaralan ay mahalaga pa rin. Kung ang isang mag-aaral ay hindi dumalo o lumahok sa klase, magiging mahirap para sa mga guro na suriin ang kanilang pag-aaral.




Impormasyon tungkol sa kung ano ang kailangang pagsikapan ng iyong anak

Ang impormasyon sa report kard ng iyong anak ay hindi dapat dumating bilang isang surpresa. Sa pinakamabuting paraan, bago ka makatanggap ng isang report kard, dapat mong marinig mula sa guro ng iyong anak ang tungkol sa anumang mga lugar na kailangang pagbutihin, maging sa kanilang pag-aaral o kanilang pag-uugali.

Ngunit ang report kard ay magbibigay din ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kung ano ang maaaring gawin ng iyong anak at mga lugar na kailangan nilang pagsikapan. Maaaring ilarawan ng guro ang mga paraan na maaari mong suportahan ang iyong anak sa bahay. Maaari rin nilang ipaliwanag kung paano sinusupportahan ang iyong anak sa klase upang mapabuti at sumulong sa kanilang pag-aaral.



Bakit ang aking anak ay sumasalamin sa sarili at nagtatakda ng mga layunin?




Paano makatutulong ang pagmumuni-muni sa sarili at pagtatakda ng layunin sa mga mag-aaral?

Ang ating mundo ay patuloy na nagbabago. Mahalaga pa rin para sa mga mag-aaral na matuto ng mga katotohanan at impormasyon, ngunit mahalaga rin para sa mga mag-aaral na matutunan kung paano mag-isip, makipag-usap, at makipag-ugnayan sa iba. Dito pumapasok ang mga Pangunahing Kakayahan Ang Mga Pangunahing Kakayahan ay bahagi ng kurikulum ng BC, kaya bawat araw na pumapasok ang iyong anak sa paaralan, bubuuin nila ang mga kasanayang ito.

Ang pagmumuni-muni sa sarili at pagtatakda ng layunin ay mahalagang mga kasanayan sa buhay para sa mga mag-aaral na matuto mula sa pinaka-maagang edad. Ang mga kasanayang ito ay makakatulong sa kanila na magtagumpay kapwa sa paaralan at sa kanilang hinaharap, kasama na sa lugar ng trabaho. Ang pagmumuni-muni sa sarili at pagtatakda ng layunin ay makakatulong sa iyong anak na mas maunawaan ang kanilang sarili, magsikap at maabot ang kanilang mga layunin, at ipagdiwang ang kanilang mga tagumpay.

Pagmumuni-muni sa sarili at pagtatakda ng layunin:

- aktibong isinasali ang iyong anak sa kanilang pag-aaral mula **Kindergarten hanggang Baitang 12**
- tumutulong sa iyong anak na maunawaan ang kanilang mga kalakasan at mga paghamon
- nagtuturo sa iyong anak kung paano magtatakda ng mga layunin at magtrabaho patungo sa kanila
- nagkakaroon ng mga kasanayang kakailanganin ng iyong anak para maging matagumpay sa paaralan at sa hinaharap



Impormasyon para sa mga Magulang at mga Tagapag-alaga



BRITISH
COLUMBIA

Ano ang mga Pangunahing Kakayahan?

Ang Mga Pangunahing Kakayahan (Komunikasyon, Pag-iisip, at Personal at Panlipunan) ay bahagi ng kurikulum ng BC. Ang pag-aaral ng mga kasanayang ito ay nagtatakda sa mga mag-aaral para sa tagumpay sa paaralan, sa lugar ng trabaho, at sa kanilang mga relasyon sa iba.


Tulad mo, tinutulungan ng guro ng iyong anak ang iyong anak na bumuo ng mga kasanayang ito araw-araw. Ito ang paraan kung paano matututo ang iyong anak kung paano magkaroon ng malusog na pakikipagkaibigan, malasakit sa iba, makipag-usap nang maayos sa iba, mag-iisip nang mapanuri, at lumutas ng mga problema.



Ano ang makikita mo sa report kard?

Ang pagmumuni-muni sa sarili sa Mga Pangunahing Kakayahan at ang proseso ng pagtatakda ng layunin ay nilalayong maging makabuluhan para sa iyong anak. Ang ministeryo ay hindi nangangailangan ng isang tiyak na pormat para sa lahat ng mga mag-aaral sa lalawigan. Ito ay maaaring isang nakasulat na tugon, isang sining na proyekto, isang pag-rekord ng audio o video, isang portpolyong pampasok, o iba pa. Ang paaralan ng iyong anak ang magpapasya kung ano ang pinakamahalaga para sa lahat ng mga mag-aaral sa paaralan.

Sa bawat nakasulat na ulat na natatanggap mo, sasabihin sa iyo ng guro ng iyong anak kung saan mo mahahanap ang mga pagninilay-nilay at layunin ng iyong anak.



Ano ang pagmumuni-muni sa sarili at pagtatakda ng layunin?

Isasalamon ng iyong anak ang kanilang mga kasanayan sa komunikasyon, pag-iisip, at panlipunan (Mga Pangunahing Kakayahan). Ang pagmumuni-muni sa sarili ay kapag ang iyong anak ay nag-iisip nang malalim tungkol sa mga kasanayang nabuo niya at kung paano niya patuloy na palalaguin ang mga kasanayang iyon.

Ang iyong anak ay magtatakda din ng mga layunin. Ang pagtatakda ng layunin ay ang pagpapasya sa isang target sa pag-aaral at pagkatapos ay pagsisikapang ito. Habang nagtatakda ang iyong anak ng mga layunin at nagsisikap tungo sa mga ito, hinuhubog nila ang kanilang kinabukasan. Kapag may problema sila, matututunan nila kung paano maghanap ng mga malikhaing solusyon sa halip na hindi makausad.

Ipinakikita ng pananaliksik na mas mahusay ang mga mag-aaral kapag mayroon silang masasabi sa kanilang pag-aaral. Ang pagmumuni-muni sa sarili at pagtatakda ng layunin ay nagbibigay sa kanila ng pagkakataong iyon.





Paano ko malalaman na ang aking anak ay nasa landas upang makapagtapos?



Bakit isang Pagbabago sa Katayuan ng Pagtatapos?

Alam mo ba kung anong mga kurso ang kailangan ng iyong anak para makapagtapos? Malinaw na isinasaad ng pagbabago sa kalagayan ng pagtatapos kung saang landas ng pagtatapos ang iyong anak naroroon at nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa landas na iyon.

Kapag ang iyong anak ay nasa mga Baitang 10-12, makakatanggap siya ng pagbabago sa katayuan ng pagtatapos sa kanilang report kard tuwing Hunyo. Ang pagbabago sa katayuan ng pagtatapos ay nagbibigay ng buod ng pag-unlad ng iyong anak sa pagkumpleto ng mga kurso at pagsusuri na kailangan nila para sa pagtatapos. Ipapakita nito sa iyo kung aling mga kurso at pagsusuri ang nakumpleto, kung aling mga kurso kasalukuyang naka-enrol ang iyong anak, at kung ano ang kailangan pang gawin upang sila ay makapagtapos.

Ang pagbabago sa katayuan ng pagtatapos ay makatatulong din sa iyong anak sa pagpili ng kurso. Tinitiyak nito na alam ng lahat ang anumang mga problema sa pagtatapos bago maging huli ang lahat.

Alam mo ba na may ilang iba't ibang paraan upang makapagtapos sa BC? Ang iba't ibang mga landas ng pagtatapos ay may iba't ibang mga kinakailangan sa kurso. Mayroon ding iba't ibang mga panlalawigang pagsusuri na kailangang kunin ng mga mag-aaral.

Ang Pagbabago sa Katayuan ng Pagtatapos:

- sinasabi sa iyo at sa iyong anak ang tungkol sa iba't ibang mga landas sa pagtatapos sa BC
- ipinapakita ang pag-unlad ng iyong anak sa pagkumpleto ng lahat ng mga kurso at pagsusuri na kailangan nila upang makapagtapos
- tumutulong sa iyong anak na pumili ng mga kurso
- ipinapaalam sa iyo at sa iyong anak nang mas maaga ang tungkol sa anumang posibleng mga problema sa pagtatapos



Impormasyon para sa mga Magulang at mga Tagapag-alaga



BRITISH
COLUMBIA

Diploma ng Dogwood

Sertipiko ng Pagtatapos sa British Columbia (Dogwood Diploma). Upang makapagtapos ng Dogwood Diploma, ang mga mag-aaral ay dapat kumita ng hindi bababa sa 80 kredito na kurso sa mga Baitang 10, 11, at 12, at kumuha ng isang panlalawigang pagsusuri sa pagbilang at dalawa sa karunungan bumasa't sumulat

Dual Dogwood

Ang mga mag-aaral sa isang paaralang Francophone o sa mga programang Imersiyon sa Pranses (French Immersion) sa BC ay maaaring makakuha ng dalawang sertipiko: isa sa Pranses (Diplôme de fin d'études secondaires en Colombie-Britannique) at isa sa Ingles (Dogwood Diploma). Upang makakuha ng parehong mga sertipiko, ang mga mag-aaral ay dapat:

- matugunan ang lahat ng mga kinakailangan sa pagtatapos para sa Diploma ng Dogwood
- kumuha ng karagdagang mga kursong Francophone o Imersiyon sa Pranses (French Immersion) sa bawat mga Baitang 10, 11, at 12
- makakuha ng hindi bababa sa 12 higit pang mga kredito patungo sa pagtatapos sa mga kursong itinuro sa Pranses
- kumuha ng mga panlalawigang pagsusuri sa bilang at kakayahang bumasa at sumulat na partikular sa kanilang programa

Para sa nasa Hustong Gulang na Diploma sa Pagtatapos

Nag-aalok ang BC ng alternatibong landas para sa mga nasa hustong gulang na naghahanap ng kanilang Diploma. Ang Hustong Gulang na Pagtatapos na Diploma ng British Columbia [British Columbia Adult Graduation Diploma (BCAGD)] ay nangangailangan ng 20 mga kredito ng pag-aaral sa halip na 80 kredito na kinakailangan para sa Dogwood Diploma. Ang mga mag-aaral ay dapat na hindi bababa sa 18 taong gulang upang makapasok sa Hustong Gulang na Pagtatapos na Programa.

Kung ang isang mag-aaral na nasa edad para sa paaralan (may edad na 18 o 19 na gulang) ay nag-iisip na lumipat mula sa BC Hustong Gulang na Pagtatapos na Programa, dapat tiyakin ng paaralan na ang mag-aaral at ang kanilang magulang o tagapag-alaga ay ganap na alam ang mga implikasyon at potensyal na limitasyon ng BCAGD, kabilang ang mga pagkakaiba sa pagitan ng Dogwood at ng mga kredensyal ng Dogwood ng Pang-hustong gulang at ang mga kinakailangan na kailangan para sa post-sekondarya.



Sertipiko ng Evergreen

Ang Sertipiko ng Pagkumpleto ng Paaralan (Sertipiko ng Evergreen) ay isang pagkilala at pagdiriwang ng matagumpay na pag-aaral, ngunit hindi ito isang diploma ng pagtatapos. Mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral at kanilang mga magulang o tagapag-alaga na ang Evergreen ay kumakatawan sa pagkumpleto ng mga personal na layunin sa pag-aaral ngunit hindi kumakatawan sa pagtatapos. Kailangan din nilang maunawaan ang epekto ng desisyong ito sa kinabukasan ng isang mag-aaral.

Ang desisyon na ilagay ang isang bata sa isang Evergreen na landas ay hindi dapat gawin bago ang Baitang 10 at dapat isama ang may-kaalamang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga ng mag-aaral.



Mga Panlalawigang Pagsusuri

Kasama sa kinakailangan sa pagtatapos ng mag-aaral ang pagkuha ng 3 pagtatasa ng lalawigan sa karunungan bumasa't sumulat at pagbilang at maaaring may kasamang mga karagdagang pagtatasa sa Pranses para sa Dual Dogwood. Ang mga partikular na pagtatasa na kailangan nilang gawin ay ililista sa kanilang Pagbabago sa Kalagayan ng Pagtatapos.

Ang mga mag-aaral na nasa Diploma sa Pagtatapos ng mga nasa Hustong Gulang o mga programa ng Evergreen ay hindi kailangang kumuha ng mga pagsusuring ito.

Karagdagang Impormasyon

Nauunawaan namin na pagkatapos basahin ang libritong ito ay maaaring mayroon ka pa ring mga katanungan.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga pagbabagong parating sa pag-uulat ng mag-aaral sa BC, mangyaring makipag-ugnayan sa ministeryo sa pamamagitan ng email sa student.reporting@gov.bc.ca.

Para sa mas espesipikong mga tanong tungkol sa mga report kard, maaari kang makipag-ugnayan sa guro, punong-guro, o kawani ng distrito ng paaralan ng iyong anak. Makakapagbigay sila sa iyo ng impormasyon tungkol sa hitsura ng pag-uulat sa paaralan o distrito ng paaralan ng iyong anak.

Makakahanap ka rin ng higit pang impormasyon tungkol sa pag-aaral ng mag-aaral sa mga sumusunod na pahina sa web:

- [Kurikulum ng BC](https://curriculum.gov.bc.ca/) - <https://curriculum.gov.bc.ca/>
- [Mga Pangunahing Kakayahan](https://curriculum.gov.bc.ca/competencies) - <https://curriculum.gov.bc.ca/competencies>
- [Aklat Para sa Programa ng Pagtatapos](https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/education/administration/kindergarten-to-grade-12/graduation/handbook_of_procedures.pdf)- https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/education/administration/kindergarten-to-grade-12/graduation/handbook_of_procedures.pdf
- [Nakatuon sa Katutubo na Kailangan sa Pagtatapos](https://www2.gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12/support/indigenous-focused-graduation-requirements) - <https://www2.gov.bc.ca/gov/content/education-training/k-12/support/indigenous-focused-graduation-requirements>
- [Mga Panlalawigang Pagsusuri](https://curriculum.gov.bc.ca/provincial/assessment) - <https://curriculum.gov.bc.ca/provincial/assessment>





BRITISH
COLUMBIA



Email
student.reporting@gov.bc.ca



Website
<https://curriculum.gov.bc.ca/>